



Mga Bakuna Para sa COVID-19: Fake News vs. Facts

Halal ang mga bakuna laban sa COVID-19



FAKE

Ikaw ay maaaring nagkaroon ng COVID-19 mula sa pagpapaturok ng bakuna laban sa COVID-19.

FACT

May iba't-ibang uri ng bakuna para sa COVID-19: isang bakuna gamit ang pinahina o hindi aktibong anyo ng virus, bakunang mRNA, bakunang protein sub-unit, at non-replicating viral vector. Wala sa mga bakunang ito ang makakapagbigay sa inyo ng coronavirus na nagdudulot ng COVID-19. Sa ilang mga naitalang kaso, nahawaan ang mga tao ng coronavirus bago ang kanilang pagpapabakuna laban sa COVID-19. Hindi nila nakuha ang COVID-19 mula sa pagpapabakuna.



FAKE

Delikado ang mga side effect ng bakuna laban sa COVID-19

FACT

Maaaring magkaroon ng side effect ang bakuna para sa COVID-19, tulad ng pananakit sa lugar ng pagkaturok, pagsakit ng ulo, pagkapagod at sakit sa katawan, ngunit halos lahat ng mga ito ay panandalian lamang at hindi seryoso o delikado. Nandyan ang mga banta, ngunit sobrang laki ng posibleng benepisyo na makukuha natin sa pagpapabakuna.



FAKE

May ilan nang namatay dahil sa pagpapabakuna laban sa COVID-19

FACT

Sa mga taong nabakunahan sa buong daigdig, 0.00045% lamang ang namatay, at ang mga insidenteng ito ay kasalukuyang ini-imbestigahan. Ayon sa mga eksperto, ang mga matatanda at may karamdamang mga pasyente ay namatay dahil sa ibang mga sakit o ibang mga sanhi na nagkataon na sumabay sa panahon ng kanilang pagpapabakuna.



FAKE

Ginawa ang bakuna laban sa covid-19 gamit ang mga kontrobersyal na kasangkapan o may nilalaman na mga kontrobersyal na kasangkapan

FACT

Mayroong mRNA at iba pang mga karaniwang kasangkapan pang-bakuna ang mga bakuna para sa COVID-19, katulad ng lipid mula sa halaman (na pumoprotekta sa mRNA), salts, maging ang kakaunting asukal. Hindi ginawa ang mga bakuna laban sa COVID-19 gamit ang fetal tissue, at wala silang laman na kahit anong materyales tulad ng mga implant, microchip, o tracking device.



FAKE

Hindi pwedeng kumuha ng bakuna laban sa COVID-19 ang mga buntis, bata, at mga taong may kondisyong medikal

FACT

Pinapayuhan ng mga eksperto na magpabakuna ang mga buntis o mga taong may kondisyong medikal dahil sila ay may mataas na banta ng pagkakahawa sa COVID-19. Ngunit, tulad sa lahat ng gamot at treatment, dapat humingi ng opinyon sa kanilang doktor ang mga taong nasa mga kategoryang ito



FAKE

Hindi ko na kailangan ng bakuna kung nahawaan na ako ng COVID-19

FACT

Mayroong mataas na *rate of re-infection* sa COVID-19. Ibig sabihin, maraming mga taong gumaling mula sa COVID-19 ang nahawaan muli nito. Bagkus, hindi sila nagkaroon ng long-term immunity. Ibig sabihin, kailangan magpabakuna ng lahat, maging ang mga nagkaroon na ng COVID-19 dati.



FAKE

Maaaring palitan ng mga natural na produkto at gamot ang bakuna laban sa COVID-19

FACT

Nakakatulong ang mga natural na produkto at herbal medicine sa pagpapalakas ng inyong resistensya. Ngunit hindi nito napipigilan ang pagkakahawa sa COVID-19 o paglala nito.



FAKE

Mas maganda ang natural na immunity mula sa pagkahawa sa COVID-19 kumpara sa bakuna

FACT

Ipinapakita ng mga kaso ng muling pagkahawa sa COVID-19 na hindi sigurado ang pagkakaroon ng *natural immunity*. Bukod dito, maaari ding magdulot ang COVID-19 ng mga pangmatagalang epekto sa kalusugan ("*long COVID*") na kasalukuyan paring pinag-aaralan. Bagkus, mas magandang mabakunahan kaysa harapin ang peligro ng mahabang COVID. Mas mahalaga dito, kailangan natin ang magpabakuna upang mapigilan ang pagkalat ng *coronavirus*, mabawasan ang hirap na nararanasan ng ating Healthcare System, at makakatulong pa tayo sa ibang tao.